



Sapilitan at Maagang Pagpapakasal

Mabigat na krimen sa Australya ang pilitin ang sinuman na magpakasal.

Sa Australya, malayang magpasya ang mga tao kung sila ay magpapakasal o hindi at kung sino ang kanilang pakakasalan. Kalimitan, dapat ay mas matanda sa **18 anyos** ang edad upang legal na maikasal. Sa ilang pagkakataon ang isang taong mahigit sa **16 ang** edad ay maaaring magpakasal sa isang taong 18 anyos, ngunit ito ay nangangailangan ng pahintulot ng korte.

Labag sa batas ng Australya ang puwersahin, pagbantaan o linlangin ang sinuman upang magpakasal. Labag din sa batas ang manghikayat o tumulong sa pag-aasikaso ng sapilitang pagpapakasal, at maging kasangkot sa sapilitang pagpapakasal kung hindi ikaw ang biktima. Ito ay ilalapat din sa mga legal, pangkultura at relihiyosong pagpapakasal.

Ang inareglong kasal na malayang sinang-ayunan ng dalawang tao ay naiiba sa sapilitang kasal. Ang mga inareglong kasal ay legal sa Australya.

Kung ikaw o isang kakilala mo ay nanganganib, tawagan ang pulisya sa **000**.

Ligtas at mapagkakatiwalaan ang pulisya sa Australya.

Kung kailangan mo ng libreng interpreter, tumawag sa **131 450**.

Labag sa batas ang kumuha o magpadala ng sinuman sa ibang bansa para sapilitang ipakasal o mag-utos kaninuman na asikasuhin ito.

Minsan ang mga tao ay dinadala sa ibang bansa na labag sa kanilang kagustuhan o nilinglang upang pumunta sa ibang bansa para puwersahing magpakasal. Ito ay labag sa batas at maaaring humantong sa pagkabilanggo.

Ikaw ba, o ang kakilala mo ay nasa panganib?

Kung ikaw o isang kakilala mo ay nanganganib na sapilitang ipakasal o maagang ipakasal, maaari mong kontakin ang **Australian Federal Police (Pulisyang Pederal ng Australya)** (AFP) sa **131 237** (131AFP) para sa tulong.

Ang AFP ay mapapangalagaan ang iyong kaligtasan, maaaring magbigay ng paunang payo at magsangguni sa iyo para sa suporta, gaya ng akomodasyon, suportang pinansyal, pagpapayo at payo sa batas at imigrasyon. Ang karagdagang impormasyon ay nasa **website** ng **AFP** sa **www.afp.gov.au**.

May iba pang mga serbisyo sa Australya na makatutulong.

Ang **My Blue Sky (Aking Asul na Langit)** ang pambansang website at helpline ng Australya na nakatuon sa pagpigil sa mga sapilitang pagpapakasal, pagbibigay ng impormasyon, mga pagsangguni at libreng payo sa batas.

Tumawag sa **(02) 9514 8115**, mag-text sa **0481 070 844**, mag-email sa **help@mybluesky.org.au**, o pumunta sa **website** ng **My Blue Sky** sa **www.mybluesky.org.au**.

Ang **1800RESPECT** ay pambansang serbisyo sa pagpapayo sa sekswal na pag-atake, karahasan sa tahanan at pamilya sa Australya (Australia's national sexual assault, family and domestic violence counselling service). Nagbibigay ito ng libre, kumpidensyal na pagpapayo at impormasyon sa telepono at sa online. Pakikinggan ka ng mga tagapayo, sasagutin ang mga katanungan mo at maaaring isangguni ka sa iba pang mga serbisyong suporta sa inyong lugar.

Tawagan ang **1800 737 732** o puntahan ang **website** ng **1800RESPECT** sa **www.1800RESPECT.org.au**.

Kailangan mo ba ng interpreter?

Tawagan ang **Translating and Interpreting Service (Serbisyo sa Pagsasaling-wika at Pag-iinterprete)** (TIS) sa **131 450**. Makatutulong ang isang interpreter mula sa TIS para maiugnay ka sa iba pang mga serbisyo, subalit hindi nagbibigay ng payo ang TIS. Lahat ng tawag ay libre at kumpidensyal

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa sapilitang pagpapakasal:

Bisitahin ang **website** ng **Department of Home Affairs (Kagawaran ng Suliraning Panloob)** sa **www.homeaffairs.gov.au** at i-search ang "forced marriage" (sapilitang pagpapakasal).